# Kabanata 6 Tungkol sa Pamumuhay Upang maiwasan ang krimen

Ang mga bagay na hindi isang krimen sa iyong bansa o rehiyon ay maaari maging isang krimen sa Japan. Alamin ang mga batas at panuntunan sa Japan at mamuhay nang ligtas.

## 6-1 Residence Card

<Residence Card>



- Dapat ay palagi ninyong dalhin ang inyong Residence Card.
- Unawain ang mga gawain na kinikilala para sa iyong Status of Residence. Huwag makisali sa mga aktibidad maliban sa nakasaad na kakayahan.

  http://www.clair.or.jp/tagengorev/tl/b/index.html
  (CLAIR (Council of Local Authorities for International Relations))

- Bilang karagdagan sa Residence Card, ang iyong pasaporte ay isang mahalagang ID din. Huwag iwanan ito sa ibang tao at pamahalaan ito ng inyong sarili.


## 6-2 My Number

<My Number Notification Card>




- Mangyaring huwag iwala ang inyong My Number.
- Dahil ito ay isang numero na magpapakita ng iyong personal na impormasyon, huwag ipagbigay-alam nang madali sa ibang tao.
- My number system homepage "Para sa mga Dayuhan"
  https://www.cao.go.jp/bangouseido/foreigners/index.html (Cabinet Office, Government of Japan)


## 6-3 Mga bagay na hindi dapat gawin sa Japan




① Ang pagbebenta ng bank account (na nasa inyong pangalan) sa ibang tao ay labag sa batas.





② Huwag magpahiram o humiram ng Health Insurance Card o Credit Card. Kung maaari ay huwag magpahiram o manghiram ng pera.




③ Huwag maglakad dala ang mga mapanganib na bagay tulad ng mga kutsilyo o gunting.



④ Huwag gamitin ang bisikleta ng ibang tao na nakaparada sa istasyon o sa kalsada.



⑤ Huwag kunin ang mga malalaking basura (kasangkapan, electrical appliances, atbp.) na itinapon ng ibang tao.



⑥ Huwag manguha ng mga gulay sa taniman o prutas mula sa puno ng hardin ng ibang tao.

## 6-4 Kapag may nangyaring insidente ⇒ tumawag sa 110




① Kung mayroong isang insidente, tumawag sa 110 at makipag-ugnayan sa pulisya.





② Sabihin kung kailan, saan at kung ano ang nangyari.




③ Ibigay ang iyong pangalan at impormasyon para makontak.

- **Kung hindi mo kayang tumawag sa iyong sarili, humingi ka ng tulong sa mga tao na nasa iyong paligid.**
- **Mangyaring huwag patayin ang telepono sa gitna ng pag-uusap. Sabihin natin nang wasto ang mga impormasyon sa pulisya**
- **May mga nakaantabay na translator para sa mga banyagang wika. Walang problema kahit na magsalita ka ng simpleng Japanese.**

## 6-5 Kapag may aksidente sa trapiko⇒tumawag sa numero 119, 110




①Kung mayroong nasugatan na tao, tumawag ng ambulansya (i-dial ang 119).




②Kung may nasugatan na tao o wala, tumawag sa pulisya (i-dial ang 110).




③Huwag umalis sa pinangyarihan ng aksidente hanggang sa dumating ang mga pulis. Maghintay sa isang malapit at ligtas na lugar.

④Kapag dumating ang pulis, sabihin sa kanila kung ano ang nangyari at hilingin sa kanila na kumpirmahin.

⑤Sa Japan, may mga insurance company na nakikipag-usap sa pagitan ng taong nagdulot ng aksidente at sa mga taong naaksidente. Kung ikaw ang nakaaksidente, maaaring magbayad ka ng malaking halaga. Siguraduhin na kumuha ng bicycle insurance at automobile insurance.

Isang Paalala

Kung ikaw ay nadamay sa isang aksidente, kahit na sa palagay mo ay hindi ka nasugatan, maaari mo itong malaman pagkalipas ng ilang araw.



Kung nadamay ka sa isang aksidente sa trapiko, pumunta kaagad sa ospital.

## 6-6 Kapag may nawala o ninakaw saiyo




① Pumunta sa malapit na pulisya o kouban at at sabihin ang nangyari.
② Kung nawala mo ay ang iyong credit card o cash card, makipag-ugnayan kaagad sa kumpanya ng card upang ihinto ang card.

< NIHONGO Gamitin Natin! >

Nawala ko ang aking Residence Card. Ano ang dapat kong gawin?

Nawala ko ang aking pitaka. Ano ang dapat kong gawin?